

# MGA MADALAS ITANONG (FAQ)

## Elektronikong Pagberipika sa Pagbisita (EVV)

### Ano ang Elektronikong Pagberipika sa Pagbisita (Electronic Visit Verification, EVV) at bakit kailangan nating gamitin ito?

Inaatas ng pederal na batas na 21st Century Cures Act ang paggamit ng sistema ng Elektronikong Pagberipika sa Pagbisita (EVV) para sa pag-clock in at pag-clock out kapag nagbibigay ng mga serbisyo para sa mga tumatanggap ng Medicaid. Nirerekord rin ng sistemang ito ang lokasyon ng taong nagka-clock in o nagka-clock out. Hindi nito nirerekord ang lokasyon tuwing oras ng shift o sa anumang iba pang oras.

### Ano ang pinipiling paraan ng EVV?

Ang pinakamabuting paraan para maisumite ng mga Empleyado ang kanilang mga shift sa EVV ay sa Time4Care mobile app ng PPL. Magagamit ang mobile app sa mga Android o Apple na smart phone o tablet na may mga serbisyo ng lokasyon.

### Paano kung wala akong access sa isang smartphone o hindi ako makakagamit nito?

Kung may smartphone ang kalahok, maaaring gamitin ng Empleyado ang app sa teleponong iyon gamit ang sarili niyang login para mag-clock in at mag-clock out.

Kung walang smart device ang kalahok o ang Empleyado, may mga libreng mapagkukunan para sa mga smart phone para sa mga kalahok ng Medicaid sa pamamagitan ng isang pederal na programa. Maaaring kwalipikado ang kalahok o Empleyado para sa benepisyong ito.

Mag-apply sa [www.lifelinesupport.org/ls/](http://www.lifelinesupport.org/ls/)

Kung walang paraan ang mga Empleyado para maka-access ng smart phone o tablet, at may landline sa bahay ang kalahok, maaaring tumawag ang kalahok sa Serbisyo sa Customer para iparehistro ang kanyang numero ng telepono para sa paggamit ng Telephono.

### Ano ang mga benepisyo ng paggamit ng Time4Care?



#### Taong Tumatanggap ng Mga Serbisyo

- 1 Nagbibigay ang EVV ng **kapanatagan ng isip**. Tumutulong ang EVV na tiyaking nakakatanggap ka ng mga serbisyo sa mga oras na kailangan mo ng pangangalaga.
- 2 Hinihikayat ng EVV ang **mas maigting na pananagutan** sa mga oras ng trabaho, na madalas na nagreresulta sa hindi pabagobagong pangangalaga.
- 3 Nagbibigay ang EVV ng **mga alerto sa aktuwal na oras**. Tumanggap ng mga notipikasyon kapag may mga oras kang dapat suriin.



#### Taong nagbibigay ng suporta at mga serbisyo



- 1 **Madaling paglalagay ng oras** – Maglagay ng oras kahit na abala ka habang oras ng shift.
- 2 **Matipid sa Oras** – Mabilis na irekord ang oras at mga detalye ng serbisyo nang direkta sa isang smart phone nang hindi kailangan ng computer o fax machine.
- 3 **Nababawasan ang Mga Pagkakamali** – Ipinapaalam ng Time4Care sa mga Empleyado sa aktuwal na oras kung may mga problema sa kanilang entry.

Kung kailangan mo ng higit pang tulong, mangyaring makipag-ugnayan sa Serbisyo sa Customer. O tingnan ang aming mas komprehensibong Mga Madalas Itanong sa aming page: [www.publicpartnerships.com/tools/time4care-evv/](http://www.publicpartnerships.com/tools/time4care-evv/)

## Paano gumagana ang app kung wala akong access sa internet?

Patuloy na gumagana ang mobile app habang offline at irerekord pa rin nito ang iyong oras at lokasyon. Kapag ang iyong device ay nasa lugar na may access sa internet, awtomatikong mag-a-upload ang iyong mga offline na entry.

## Paano ko gagamitin ang mobile app?

Ginagamit ng mga programa sa PPL ang Time4Care mobile app para sa EVV. Maaaring gamitin ang Time4Care para mag-clock in at mag-clock out, tingnan ang impormasyon o mga paystub, at aprubahan ang mga paglalagay ng oras. Available nang LIBRE ang Time4Care mobile app mula sa Google Play Store  o sa App Store ng Apple . Maaaring gamitin ang Time4Care gamit ang koneksyon sa Wi-Fi o cell service na may data connection.

## Maaari ko bang simulan o tapusin ang aking shift sa magkakaibang lokasyon kung hindi naibigay ang serbisyo sa bahay ng kalahok?

Oo, pinahihintulutan ka ng Time4Care na mag-clock in sa isang lokasyon at mag-clock out sa ibang lokasyon.

## May dapat ba akong bayaran para gamitin ang sistemang ito?

Wala. Walang bayad para gamitin ang sistema ng EVV.

## Ano ang mangyayari kung nakalimutan ko ang aking smart phone o nasira/naubusan ito ng baterya?

Maaaring ilagay ang isang manu-manong entry para sa nakaraang oras na nagtrabaho gamit ang app o ang web portal. Dapat itong gamitin sa bukod-tanging sitwasyon lamang – ang anumang entry na hindi narekord sa aktuwal na oras sa app ay ipa-flag bilang mga entry na hindi sa EVV at susubaybayan ito sa sistema. Kung naubusan ng baterya ang iyong telepono sa oras ng iyong shift ng serbisyo, patuloy na tatakbo ang oras hanggang mag-clock out ka.

## Ano ang mangyayari kung nakalimutan kong i-on ang mga serbisyo ng lokasyon sa aking telepono, makakapag-clock in/out pa ba ako?

Hindi. Kung hindi naka-on ang mga serbisyo ng lokasyon, hindi ka makakapag-clock in o makakapag-clock out. Makakakita ka ng mensaheng inaabisuhan ka na i-on ang iyong mga serbisyo ng lokasyon. Kung mangyari ito, i-on ang mga serbisyo ng lokasyon sa mga setting ng iyong device.

## Maaari ko bang i-off ang mga serbisyo ng lokasyon sa oras ng aking shift kung i-on ko itong muli para mag-clock out?

Oo. Hangga't naka-on ang mga serbisyo ng lokasyon kapag nag-clock in at kapag nag-clock out ka, irerekord ng sistema ang data ng iyong shift bilang sumusunod sa mga regulasyon ng EVV.

## Ligtas ba ang aking personal na data sa inyong app?

Oo. Lubos naming sineseryoso ang seguridad ng iyong data. Palaging ipinapadala ang iyong data gamit ang 256-bit AES algorithm – ang pinakamataas na pamantayan para sa seguridad ng komunikasyon.

## Kung may Wi-Fi pero walang cell service ang isang tablet, magagamit ba ito para sa EVV?

Kung ang tablet ay mayroong naka-enable na GPS, magagamit ito para sa EVV.

## Magagamit ko ba ang web portal para mag-clock in at mag-clock out?

Hindi. Ang Time4Care app lamang sa isang smart phone o tablet ang magagamit para mag-clock in at mag-clock out. Walang kakayahan sa EVV ang web portal. Kung hindi ka nakapag-clock in o nakapag-clock out sa isang sistema ng EVV, maaari mong gamitin ang web portal bilang retroactive na manu-manong entry, pero bilang pagbubukod lamang.

## Paano kung hindi alam ng Empleyado kung anong serbisyo ang ibibigay niya kapag nag-clock in siya, o paano kung nagtrabaho siya sa bahagi ng isang shift nang gumagawa ng isang serbisyo, at pagkatapos ay lumipat sa pangalawang serbisyo?

Kinakailangan ng pagsisimula ng shift gamit ang Time4Care app na tukuyin mo ang serbisyong ibinibigay. Kailangang makipagtulungan ng mga Empleyado sa kanilang mga kalahok para maunawaan kung anong serbisyo ang ibibigay bago simulan ang shift. Kung dalawang magkaibang serbisyo ang ibibigay sa oras ng shift, mag-clock out lamang at muling mag-clock in nang pinipili ang pangalawang serbisyo.

## Kailangan bang gamitin ng kalahok ang app para aprubahan ang mga shift?

Maaaring gamitin ng kalahok ang app, ang web portal, o telepono para suriin ang shift.

## Ano ang mangyayari sa mga panggrupong serbisyo?

Kung magbibigay ang Empleyado ng serbisyo sa higit sa isang kalahok sa parehong oras, pipiliin lamang niya ang mga kalahok na bibigyan niya ng pangangalaga kapag nag-clock in siya.

## Kung ang shift ko ay 10:00AM hanggang 4:00PM, ano ang mangyayari kung nag-clock in ako, halimbawa, nang 10:04AM, o nag-clock out ako nang 3:59PM?

Iniaatas sa mga Empleyado na mag-sign in at mag-sign out para sa aktuwal na oras na nagtrabaho sila. Mangyaring huwag i-edit ang iyong shift ng serbisyo sa sitwasyong ito. Gamitin ang Time4Care app para mag-clock in kapag nagsimula ka nang magtrabaho, at mag-clock out kapag tapos ka nang magtrabaho. Hindi kailangang magkapareho ang mga eksaktong minuto sa nakaplanong shift ng serbisyo. Walang kinakailangan sa sistema na mag-clock in o mag-clock out ka sa eksaktong oras. Susubaybayan ng PPL ang lahat ng minuto na nagtrabaho ka para sa iyong shift ng serbisyo at ipoproseso nito ang iyong kabayaran ayon sa mga kasalukuyang panuntunan ng programa.

Kapag bumalik ka at manu-mano mong iwinasto ang iyong shift ng serbisyo para umayon ito sa eksaktong simula ng oras, ginawa mong shift ng serbisyo na sumusunod sa EVV ang iyong orihinal na pag-clock in at bumuo ka ng isang hindi sumusunod na entry. Magbibigay ang PPL ng mga ulat tungkol sa mga serbisyong ibinibigay sa mga kalahok.

### **Saan makakakuha ng higit pang impormasyon:**

[www.publicpartnerships.com/programs](http://www.publicpartnerships.com/programs)

### **Mga tagubilin at FAQ:**

[www.publicpartnerships.com/tools/time-4care-evv/](http://www.publicpartnerships.com/tools/time-4care-evv/)